

## TANONG NG ESTADO NUM. 5

Pagamyenda ng pagbebenta at paggamit sa Batas ng buwis ng 1955

Panukalang-Batas 428 ng Senado ng ika 82 Sesyon

Dapat bang amyendahan ang Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955 upang magbigay ng eksempson mula sa mga buwis na ipinataw ng Batas na ito sa mga kabuuang resibo mula sa pagbebenta at ang pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ng mga diaper?

Oo .....

Hindi.....

### PALIWANAG & SUMARYO

**PALIWANAG—** Ang iminungkahing pagbabago ng pagbebenta at paggamit sa Batas ng buwis ng 1955 ay magbibigay eksempson sa mga buwis na ipinataw ng Batas na ito sa mga kabuuang resibo mula sa pagbebenta at pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ng mga diaper.

Kung ang mungkahing ito ay tatanggapin, itinakda ng Lehislatura na ang Batas ng buwis para sa Suporta ng Lokal na Paaralan at ilang kahalintulad na mga buwis sa mga retail na benta ay babaguhin upang magbigay ng parehong mga eksempson.

Dagdag pa rito, inilaan ng Lehislatura na sa pangangasiwa ng mga pagbebenta at paggamit ng eksempson ng buwis para sa mga diaper, ang katagang “diaper” ay nangangahulugang anumang uri ng diaper para sa bata o matanda.

Sa wakas, inilaan ng Lehislatura na ang mga pagbebenta at paggamit na eksempson ng buwis para sa mga diaper ng bata at matanda ay magiging epektibo sa Enero 1, 2025, at mawawalan ng bisa sa pamamagitan ng limitasyon sa Disyembre 31, 2050.

**Ang isang “Oo” na boto ay magbibigay ng eksempson sa mga diaper ng bata at matanda mula sa Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955, ang Batas ng buwis para sa Suporta ng Lokal na Paaralan at ilang mga kahalintulad ng pagbebenta at paggamit ng buwis.**

**Ang isang “Hindi” na boto ay magpapanatili ng kasalukuyang mga probisyon ng Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955, Batas ng buwis para sa Suporta ng Lokal na Paaralan at ilang mga kahalintulad ng pagbebenta at paggamit ng buwis.**

**SUMARYO—** Ang Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955 ay nagpapataw ng buwis sa mga kabuuang resibo mula sa pagbebenta at pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ng lahat ng pisikal na personal na ari-arian sa Estadong ito maliban kung ang ari-arian ay hindi kasama sa naturang pagbubuwis. Dahil ang Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955 ay inaprubahan ng mga botante sa isang reperendum na halalan ayon sa itinakda ng *Konstitusyon ng Nevada*, ang Batas ay hindi maaaring amyendahin, mapawalang saysay, ipawalang bisa, isantabi, suspendihin o sa anumang paraan ay gawing walang bisa maliban kung ang naturang hakbang ay inaprubahan din ng mga botante sa isang halalan. Ang panukalang ito sa balota ay mag-amyenda ng Pagbebenta at Paggamit sa Batas ng buwis ng 1955 sa pamamagitan ng paglikha ng eksempson mula ng pagbebenta at paggamit ng buwis para sa mga diaper. Ang panukalang ito sa balota ay magpapababa ng pampublikong kita dahil ang mga diaper ay hindi nasasailalim ng pagbebenta at paggamit ng buwis.

Sa ilalim ng kasulukuyang mga batas, ang karagdagang buwis sa pagbebenta at paggamit ay ipinapataw ng: (1) na nagbibigay ng kita para sa Suporta ng mga Lokal na Paaralan at (2) iba pang mga batas sa buwis na nagbibigay ng kita para sa suporta ng mga lalawigan, lungsod, bayan, espesyal at lokal na distrito, mga ahensya at awtoridad sa rehiyon, iba pang mga subdibisyon sa politika at mga partikular na proyekto at layunin. Ang panukalang ito ng balota ay magbabago sa mga kasulukuyang batas na iyon sa pamamagitan ng paglikha ng mga eksempsyon mula sa mga pagbebenta at paggamit ng buwis para sa mga diaper.

Ang panukalang ito ng balota ay tumutukoy sa katagang “diaper” para sa mga layunin ng mga eksempsyon na ito na nangangahulugan sa anumang uri ng diaper na inilaan para gamitin ng isang bata o isang matanda, kabilang ang, nang walang limitasyon, ang isang disposable na diaper.

Sa ilalim ng kasulukuyang mga probisyon ng *Konstitusyon ng Nevada*, kapag ang anumang panukala ay nagsasabatas ng mga eksempsyon mula sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit, ang panukala ay dapat magbigay ng isang tiyak na petsa kung saan ang mga eksempsyon ay titigil sa pagiging epektibo. Dahil ang panukalang ito ng balota ay magpapatupad ng mga eksempsyon sa mga pagbebenta at paggamit ng buwis para sa diaper, ang panukalang ito ng balota ay nagtatakda na ang mga eksempsyon ay titigil sa pagiging epektibo sa Disyembre 31, 2050.

### **ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS**

Dapat na hindi mapasama ang buwis ng pagbebenta at paggamit ng Nevada ang lahat ng diaper upang mapataas ang kanilang kakayahang bilhin ito at accessibility. Ang mga produktong ito ay itinuturing na mga pangunahing pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga pamilyang mayroong maliliit na bata at para sa mga matatanda na nakakaranas ng kawalan ng pagpigil sa pag-ihi o pagdumi. Kung walang sapat na suplay ng malinis na diaper, ang mga sanggol ay nasa panganib para sa iba’t ibang sakit, kabilang ang mga impeksyon sa balat, pantal, impeksyon sa ihi at viral meningitis. Ang mga matatanda na mayroong mga kondisyon na nangangailangan ng paggamit ng pangmatandang diaper ay nahaharap sa mga panganib sa kalusugan kung walang access sa mga diaper, at karagdagan pa, nahaharap sila sa mga panganib ng pagkahiwalay sa Lipunan—na mayroong kaugnayan sa mas mahinang resulta ng kalusugan—mula sa pag-iwas sa mga aktibidad kasama ang pamilya o mga kaibigan.

Ang mga buwis ng pagbebenta at paggamit sa mga diaper ay naglalagay ng isang pinansiyal na pasanin sa mga pamilyang mayroong mababang kita at iba pang mga indibidwal na nagbabayad ng mas malaking porsyento ng kanilang kita bawat buwan sa mga mahahalagang bilihing ito. Ang mga diaper ng bata at matatanda ay kailangang mas madaling ma-access, at ang pag-aalis ng mga buwis na ito ay gagawing mas abot kaya. Bawat taon, ang mga pamilya sa Nevada ay gumagastos, sa karaniwan, ng \$1,000 sa diaper bawat bata at nagbabayad ng hanggang \$84 ng buwis sa pagbebenta sa mga diaper. Sa taunang pagtitipid ng buwis mula sa pagpasa ng panukalang ito ng balota, ang mga pamilya sa Nevada ay kayang magbayad ng humigit kumulang na isang karagdagang buwan na suplay ng diaper o ilagay ang pera na iyon patungo sa iba pang mga pangangailangan. Ang mga matatanda na mayroong mga kondisyon na nangangailangan ng paggamit ng diaper ay makakatanggap ng katulad na lunas sa buwis.

Ang mga diaper ay hindi kasama sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit sa 20 ibang estado at karagdagan pang 5 na walang mga buwis ng pagbebenta at paggamit. Sa ilang mga estado, tulad ng Texas at Virginia, ang mga diaper ay hindi pinapatawan ng buwis dahil itinuturing silang mga pangangailangan.

Tiyakin na ang mga Taga-Nevada sa lahat ng edad na umaasa sa diaper ay mayroong mas abot kayang access sa pangunahing pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan na ito. Bumoto ng “Oo” sa Tanong 5.

## **ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS**

Ang pagbubukod ng mga diaper mula sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit ng Nevada ay magreresulta sa mas kaunting kita para sa Estado at lokal na pamahalaan at mabawasan ang pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan. Ang pagpasa ng Tanong 5 ay inaasahang magbabawas ng kita ng buwis sa pagbebenta ng hindi bababa sa \$400 milyon sa pagitan ng Enero 1, 2025, hanggang sa petsa ng paglubog ng araw ng Disyembre 31, 2050, na mayroong masamang epekto sa probisyon sa mga serbisyo ng Estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang K-12 na edukasyon. Dagdag pa, ang pagpopondo ng Estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan, ay hindi na makikinabang mula sa karagdagang kita ng buwis sa pagbebenta na nabuo mula sa mga diaper na binili sa Nevada ng mga turista at iba pang mga hindi residente.

Ang panukalang ito ng balota ay magpapaliit sa batayan ng buwis sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga uri ng mga bilihan na maaaring buwisan, ay nagdudulot ng posibilidad ng mas malaking pagbabago sa kita mula sa benta at paggamit ng buwis at nagpapahirap sa pamamahala ng mga buwis na ito. Ang mas malawak na batayan ng buwis ay karaniwang nagreresulta sa mas mababang antas ng buwis sa pangkalahatan at mas angkop upang mapaunlakan ang mga pagtaas at pagbaba sa ekonomiya, na kabaligtaran ng layunin ng panukalang ito sa balota. Ang tanong 5 ay hindi naaayon sa maayos na patakaran ng buwis.

Ang mga produktong ibinebenta sa Nevada ay karaniwang napapailalim sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit kahit sino pa man ang bumili o gumagamit nito. Halimbawa, ang iba pang mga produkto na itinuturing na mga pangangailangan, tulad ng sabon at toothpaste, ay walang eksempyon mula sa buwis ng Nevada ng pagbebenta at paggamit. Ang pagtanggap sa mga kita ng buwis upang makinabang ang mga partikular na grupo ng mga tao ay maglilimita sa mga serbisyo na maaaring ibigay ng Estado at lokal na pamahalaan sa lahat ng mga Taga-Nevada.

Huwag nang aprubahan ang isa na namang pagbubukod ng buwis na lumalabag sa wastong patakaran ng buwis at nagpapababa ng kita para sa mga serbisyong pampubliko. Bumoto ng “Hindi” sa Tanong 5.

## **PISKAL NA TALA**

### **Epekto sa Pananalapi—00**

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga diaper, na tinukoy bilang anumang uri ng diaper ng bata o matanda, ay itinuturing na nakikitang personal na pag-aari na napapailalim sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit ng estado at lokal sa Estado ng Nevada. Kung maaprubahan ang Tanong 5 ng mga botante, magkakaroon ng eksempyon mula sa mga buwis ng pagbebenta at paggamit ng estado at lokal para sa mga diaper na binili sa Estado ng Nevada, na magreresulta sa pagbawas ng kita na natatanggap ng Estado at mga lokal na pamahalaan, kabilang ang pagpopondo para sa mga pampublikong paaralan, sa huling anim na buwan ng taunang piskal 2025 (Enero 1, 2025, hanggang Hunyo 30, 2025), buong taunang piskal ng 2026 hanggang 2050 (Hulyo 1, 2026, hanggang Hunyo 30, 2050), at ang unang anim na buwan ng Taunang Piskal ng 2051 (Hulyo 1, 2050, hanggang Disyembre 31, 2050).

Ayon sa datos ng kumpanya ng Statista, ang pagkonsumo ng pambata at pangmatandang diaper sa Estados Unidos ay tinatayang nasa humigit kumulang na \$12.3 bilyon sa 2024. Ang populasyon ng Nevada, ayon sa Tanggapan ng Estados Unidos para sa Senso, ay kasalukuyang bumubuo ng humigit-kumulang 0.95 porsiyento ng pambansang populasyon; kaya, sa pag-aakala na ang pagkonsumo ng mga diaper sa Nevada ay naaayon sa kabuuang pambansang gastusin, humigit kumulang na \$117.3 milyon na diaper ang mabibili sa Nevada sa panahong 2024.

Kung ang pagbubukod na ito ay naging epektibo sa taong ito, ang eksempyon ng humigit kumulang na \$117.3 milyon sa diaper mula sa pinagsamang antas sa buong estado ng pagbebenta at paggamit ng buwis na 6.85 na porsiyento ay magreresulta sa mga sumusunod na tinatayang pagbabawas ng kita para sa bawat bahagi ng pinagsamang antas:

<b>Pinagsamang Pambuong Estadong Buwis ng pagbebenta at paggamit</b>	<b>Antas ng Buwis</b>	<b>Tatanggap ng Kita</b>	<b>Tinatatyang Pagkawala ng Kita sa bawat Piskal na Taon</b>
Estadong Buwis ng Pagbebenta	2.00%	Pangkalahatang Pondo ng Estado	\$2.3 milyon
Buwis sa Suporta para sa Lokal na Paaralan (LSST)	2.60%	Pondo ng Edukasyon ng Estado	\$3.0 milyon
Pangunahing Buwis Pantulong sa Lunsod-Lalawigan (BCCRT)	0.50%	Mga lalawigan, lungsod, bayan, at iba pang mga entidad ng lokal na pamahalaan	\$0.6 milyon
Karagdagang Buwis Pantulong sa Lungsod-Lalawigan (SCCRT)	1.75%	Mga lalawigan, lungsod, bayan, at iba pang mga entidad ng lokal na pamahalaan	\$2.0 milyon
<b>TOTAL</b>	<b>6.85%</b>		<b>\$7.9 milyon</b>

Ang tinatayang pagkawala ng kita para sa bawat bahagi ng pinagsamang antas ng pagbebenta at paggamit ng buwis sa buong estado ay kumakatawan sa humigit kumulang na 0.13 porsiyento ng tinatayang kita na nakolekta para sa bawat isa ng mga bahagi na ito, batay sa pagtataya ng Economic Forum para sa 2 porsiyento na buwis ng pagbebenta at paggamit ng estado sa Taunang Piskal 2024.

Bilang karagdagan sa mga buwis sa buong estado na inilarawan sa itaas, 13 sa 17 na mga lalawigan ng Nevada (Carson City, Churchill, Clark, Douglas, Elko, Lander, Lincoln, Lyon, Nye, Pershing, Storey, Washoe at White Pine) ay nagpapataw ng isa o higit pang mga opsyonal na lokal na antas ng buwis sa pagbebenta para sa mga awtorisadong paggamit. Batay sa mga pagpapalagay sa itaas at isang karaniwang antas sa buong estado ng pagbebenta at paggamit ng buwis ng 8.234 na porsiyento, tinatayang ang eksempsyon ay karagdagang mabawasan ang kabuuang kita na nabuo para sa mga lalawigan na nagpapataw ng mga opsyonal na lokal na mga antas ng buwis sa pagbebenta ng humigit kumulang na \$1.6 milyon.

Dagdag pa, sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang Kagawaran ng Pagbubuwis ng Nevada ay nagpapanatili ng mga komisyon, na nakadeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Estado, para sa gastos ng pagkolekta ng mga buwis ng pagbebenta at paggamit para sa mga lokal na pamahalaan at mga distrito ng paaralan. Ang mga komisyon ay nakolekta na nasa antas ng 0.75 porsiyento para sa LSST at isang antas ng 1.75 porsiyento para sa BCCRT, SCCRT at ang opsyonal na lokal na mga buwis sa pagbebenta. Tinatayang ang eksempsyon ng humigit kumulang na \$117.3 milyong benta na mayroong buwis ay magbabawas sa mga komisyon na nabuo para sa Pangkalahatang Pondo ng Estado ng humigit kumulang na \$97,000.

Sa wakas, ang Estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang mga pampublikong paaralan, ay maaaring mawalan ng karagdagang kita ng buwis sa pagbebenta mula sa eksempsyon na ito para sa mga diaper na binili sa Nevada ng mga turista at iba pang mga hindi residente. Gayunpaman, ang halaga ng mga produktong ito na maaaring mabili ng mga naturang hindi residente, at ang resultang pagkawala ng kita sa mga entidad ng pamahalaan na ito, ay hindi maaaring matukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

Tandaan na ang pagkawala ng kita sa Estado at lokal na pamahalaan, kabilang ang mga pampublikong paaralan, na inilarawan sa talahanayan at salaysay sa itaas ay mga pagtatantya batay sa tinatayang benta ng mga diaper at populasyon ng Estado noong 2024. Ang aktwal na pagkawala ng kita sa mga entidad ng Estado at lokal na pamahalaan sa loob ng 26 na taon kung kailan ang eksempsyon na ito ay magiging epektibo (Enero 1, 2025, hanggang Disyembre 31, 2050) ay maaaring mas mataas o mas mababa sa anumang partikular na taunang piskal, depende sa bilang ng mga

eksemplaryong produkto na talagang binili at sa presyo ng mga produktong iyon. Dagdag pa, ang mga pagbabago sa populasyon sa buong estado at ang bilang ng mga hindi residente na bumibili ng mga produktong ito ay maaaring makaapekto sa aktwal na pagbabawas ng mga pagbebenta at paggamit ng kita ng buwis.

Dagdag pa, ang tinatayang pagkawala ng kita na inilarawan sa piskal na tala na ito ay hindi gumagawa ng anumang mga pagpapalagay tungkol sa kung ang mga mamimili na hindi nagbabayad ng mga buwis ng pagbebenta at paggamit sa pagbili ng mga diaper ay gagamitin ang pagtitipid na iyon upang bumili ng iba pang mga pisikal na personal na ari-arian na napapailalim ng buwis ng pagbebenta at paggamit o makikipag-ugnayan sa iba pang mga aktibidad na napapailalim sa isang estado o lokal na buwis ng Nevada. Bagama't posibleng gamitin ng mga nagbabayad ng buwis ang mga pagtitipid na ito patungo sa iba pang mga aktibidad na maaaring makabuo ng karagdagang kita para sa Estado o sa isang lokal na pamahalaan, ang mga uri ng mga aktibidad na mayroong buwis, ang halaga ng kita na maaaring makabuo, at ang mga tatanggap ng kita na ito ay hindi maaaring matukoy nang mayroong anumang makatwirang antas ng katiyakan.

Ang Departamento ng Pagbubuwis ng Nevada ay nagpahiwatig na walang karagdagang pagpopondo ang kakailanganin upang ipatupad at pangasiwaan ang eksemplaryon na ito para sa mga diaper mula sa estado at lokal na mga buwis ng pagbebenta at paggamit.